themed "Gender and Development Towards Attainment of the Country's Development Agenda" is "a way of sharing to the public the efforts of the government agencies, local government units, private sector, for Gender and Development for the Calabarzon region," Banua said.

The annual RGADC Council convention aims to gather stakeholders and GAD advocates from all over the region with the inclusion of other NEDA offices from other regions to discuss the pressing concerns and issues, to share best practices and encourage networking to future GAD collaborations as the convention enters its 8th year.

The 3-day RGADC convention runs from Sept 4 to 6.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
REGIONAL TRIAL COURT  
IMUS, CAVITE

NATIONAL HOME MORTGAGE  
FINANCE CORPORATION  
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF  
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER  
ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C. NO. 16828-19

AIDA P. VILLANUEVA  
Mortgagor,

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against AIDA P. VILLANUEVA, with residence and postal address at ACM Homes Lot 10, Blk.8, Anabu II-B, Imus, Cavite/ 94 Putol, Kawit, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 31, 2019 amounts to EIGHT HUNDRED FOURTY SIX THOUSAND SIX HUNDRED FORTY EIGHT PESOS & 85/100 (Php 846,648.85), Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned Sheriff will sell at public auction on **September 24, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-444366

"A parcel of land (Lot 10, Blk.8 of the subd. plan, Psd-042109-061831, being a portion of Lot 2857, Imus Estate, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Bo. of Anabu, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the SW., along lines 1-2 by Lot 9, Blk.8 on the NW, along line 2-3 by Lot 8, Blk.8; on the NE., along line 3-4 by Alley 5; on the SE, along line 4-1 by Lot 12, Blk.8, all of the subd. Plan. Beginning at all pt. marked "1", x x x containing an area of FOURTY SEVEN SQ. METERS & FIFTY Sq. Decimeters (47.50) SQ. METERS " x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **Octoberber 1, 2019** at 10:00 a.m. without prorr notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **July 25, 2019**

ANSELMO P. PAGUNSAN JR.  
Sheriff IV

APPROVED:  
REGALADO E. EUSEBIO  
Clerk of Court VI &  
Ex- Oficio Sheriff

COPY FURNISHED:  
NATIONAL HOME MORTGAGE  
FINANCE CORPORATION  
104 Amorsolo St. Legaspi Village, Makati City

AIDA P. VILLANUEVA  
ACM Homes Lot 10 Blk.8, Anabu IIB, Imus, Cavite  
94 Putol, Kawit, Cavite

Publication: HANEP September 2, 9 and 16, 2019

## PROGRAMANG PANGKALUSUGAN NG DOH, ISAMA SA SCHOOL CURRICULUM

PLANO na rin ng Department of Health (DOH)- CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) na isama sa school curricula ang programang pangkalusugan para sa Junjor at Senior High School.

Sinabi ni DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo sa isang pulong sa "Intersectoral Meeting in Co-creating an Effective School Health Program in Calabarzon" na malaking epekto at maitutulong sa ating public education system

kung sa murang edad pa lamang ay maisasama na ang programang pangkalusugan sa mga bata.

Dagdag pa ni Janairo na kung maagang maituturo ang health literacy program sa mga bata ay maiiwasan ito ang health risk behaviour, at lifestyle-related deseases dahil mas marami ang nailalaan nilang oras sa loob ng eskuwelahan.

"To achieve health literacy, effective health education programs must be introduced at an early age because cognitive, physical and emotional

development including health-related behaviors and skills development take place at this time" ayon kay Janiario.

"Mas magkakaroon ng malaking epekto kung ito ay masisimulan ng maaga. At malaki ang maitutulong ng ating public education system, particular na dito ang paglalagay ng health literacy interventions sa school curricula kasama na dito ang tamang pagpoondo."

"Responsibilidad natin na mabigyan ng tamang edukasyong pangkalusugan ang mga batang mag-aaral upang sila ay lumaking

may tamang karunungan at kaalaman sa tamang pangangalaga ng kanilang katawan. Kasama na dito ang patnubay ng kanilang mga magulang." paliwanang ni Janairo.

Plano ni Janairo na na pagsasamahin na lamang ang kasalukuyang programa ng DOH at Department of Health (DepEd) kabilang ang pagkakatag ng mga communicable diseases, tamang healthy lifestyle, physical activity, tamang nutrition at pag-iwas sa paninigarilyo at pag-inum ng alak para sa mga kabataan. **GENE ADSUARA**



DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo emphasizes the need to start educating children at a young age for them to understand the importance of health and how to avoid health risk keeping them healthy and safe from lifestyle-related diseases in his message during the "Inter-Sectoral Meeting on Creating an Effective Health Promoting School Program" for schoolchildren of CALABARZON held on September 3, 2019 in Eastwood City, Quezon City. **BOY NAMORA**

## NAKAW NA CELLPHONE, BUKING SA PICTURE SA WALLPAPER

**NABUKING** ang isang nakaw na cellphone matapos na inguso ng nakabili dahil sa hindi natanggal na litrato sa wallpaper sa GMA, Cavite.

Kinilala ang suspek na si Jerlon Salit, tubong Bataan, ng Block 3 Extension, Brgy Pulido, GMA, habang ang biktima ay si Lhericka Jean Dealino, 24, dalaga, Overseas Filipino Worker, at ng Block 41 Excesses Lot Brgy Pulido, GMA.

Sa ulat ni PSSgt Jonarey Visca, ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-2:00 madaling araw noong September 5 nang pinasok ang bahay ng biktima kung saan tinangay ang kanyang mahahalagang gamit kabilang ang iPhone 6 na cellphone at ini-report nito sa kanilang barangay.

Nitong Setembre 9 dakong alas-1:30 ng madaling

araw nang sinabihan ito ng kanyang kapitbahay na may ibinebentang iPhone 6 na cellphone sa Block 1 Brgy. Pulido ng naturang bayan kaya pinuntahan nito at natukoy na isang Edward Agbo ang nakabili.

Hindi mabuksan ni Agbo ang nasabing cellphone dahil sa Apple ID nito kaya nagkunwaring tinignan ng biktima at nabuksan nito kung saan lumabas pa ang kanyang litrato sa scen ng wallpaper at dito inguso ni Agbo ang suspek na nagbenta sa kanya.

Sa pagkakaaresto ni Salit, narekober pa ang ilang gamit kabilang ang laptop, relo, mini speaker na natunton sa iba't ibang lugar habang ang kanyang wallet at ATM cards ay hindi na nakita.

Nakakulong sa GMA Custodial Center ang suspek. **GENE ADSUARA**

## Obrerong naghamon ng away, tinarakan ng kainuman

**SUGATAN** ang isang 48-anyos na obrero nang pagsasaksakin matapos na naghamon kung sino ang matapos dahilan para saksakin ng kanyang kainuman sa Dasmariñas City, Cavite.

Ginamot sa Dela Salle University Hospital ang biktimang si Roderick Decena, binata, dahil sa saksak na tinamo mula sa kanyang kabaro na si Ronei Cecillio, kapwa nakatira sa Tiera Vista Barracks sa Brgy Langkaan 1, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Figueroa, ng Dasmariñas City Police

Station, dakong alas-6:20 ng gabi nang nag-inuman ang biktima, suspek at ilang kasamahan nila sa trabaho sa likod lamang ng kanilang barracks.

Matapos ang inuman, nag-uwian na ang mga ito at matutulog na sana nang hinamon ng biktima ang suspek kung matapang ito at dahil lasing din ay napikon at kumuha ng kutsilyo at pinagsasaksak si Decena.

Agad namang naaresto ang suspekna hindi na nagawang tumakas dahil sa kalasingan. **GENE ADSUARA**



**HINDI** tinantanan ng mga tauhan ng Mayor's Action Team ang manghuli ng mga sagabal sa kalye tulad ng mga kariton, sidecar, illegal vendors at iba pa na ipinatutupad ng local na pamahalalan ang clearing operations ng kanilang nasasakupan katulad sa kahabaan ng Roxas Blvd., Service Road, Redemptorist Rd., Quirino Ave., F.B.Harrison, Taft Ave., at sa bawat area ng barangay. Ang Mayor's Action Team ay nasa pamumuno ni Ret.P/Col. Ariel Andrade. **(JIMMY HAO)**

He disclosed that seven more sea ambulance will purchased for the island communities of Quezon to ensure a faster response to deliver, transport and provide emergency health care to patients in need of immediate treatment," Dir. Janairo emphasized.

Among the other municipalities and Rural Health Units that will soon receive sea ambulances are Alabat, Calauag, Patnanungan, Perez, Quezon and Polilio.

Janairo also reminded that the purchase of the sea ambulance came from taxpayer's money. "Narito tayo upang masiguro ang tamang paggamit ng perang ito kaya kailangan nating pangalagaan at bigyang halaga ang mga kagamitang nabibili natin upang maibalik natin sa tao ang serbisyon

para mapakinabangan naman ang perang inilalagak nila sa national government upang makuntento tayo at magamit ng husto sa pagpapatibay at pagpapalawak ng ating health care system."

The turn-over ceremony of the sea ambulance was held in Barangay Libjo Beach, Infanta, Quezon on September 6, 2019.

It can ply to Panukulan from Infanta to at 45 minutes in good weather condition with a speed of about 30 knots. The Municipality of Panukulan is located at the northern tip of Polillo Island which is 26 nautical miles (48 kilometers) from Infanta, Quezon. It is bounded by the Philippine Sea in the North, Burdeos on the East, Polillo on the South, and Polilio Strait in the West. **BN**



## LAKAMBINI STAKES RACE

Naging kontrobersiyal ang pagtatapos ng 2019 PHILRACOM Lakambini Stakes Race na umarangkada sa pista ng Santa Ana Park sa Naic, Cavite. Naging kapana-panabik ang labanan hanggang sa huling kurbada ay todo ayuda ang hinete ng kabayong si Shanghai Grey na si Unoh Hernandez kontra sa nauna nang bahagya na si My Jopay na nirendahan naman ni M.M. Gonzalez. Halos sabay na tumawid sa finish line sina Shanghai Grey at My Jopay kung kaya't naging photo finish ang pagtatapos. Pero nagulat ang lahat dahil tumunog ang signal na tanda na may stewards inquiry sa nasabing pagtatapos ng labanan. Sa replay ng nasabing karera ay naipakita na dalawang beses nagkaroon ng "foul" ang hineteng si M.M. Gonzalez sakay nang kabayong si My Jopay. Sa largahan ay agad na sinarhan nito ang daanan ng kabayong si Shanghai Grey dahil kaya hindi nakapagsimula ng maayos na pagtakbo. Ang pangalawa naman na nasilip ay nang lumiko sila ng home stretch ay binukahan nang todo ni Gonzalez ang nasa labas na si Shanghai Grey. Ayon sa Board Of Stewards ay sadyang may bahid ng panggugulang ang ginawang iyon ni Gonzalez para maabala ang pagremate ni Shanghai Grey. "Pumalo sa kaliwa si Gonzalez kaya pakanan ang takbo ni My Jopay. Paraan iyon para itaboy ako sa kalabas-labasan" pahayag ni Unoh Hernandez. Dahil sa dalawang infractions na iyon ay nadiskuwalipika ang kabayong si My Jopay sa laban kahit pa nga lamang siya ng nguso sa resulta ng photo finish. Napatawan naman ng kaukulang suspensiyon si Gonzalez dahil sa foul riding. Tinanghal na panalo si Shanghai Grey at makakatanggap ang may-ari nito ng P900,000 sa kabuuang papremyong P1,500,000. Si My Jopay naman na nalagay sa segunda ay makakatanggap ng P337,500 bilang papremyo. Congrats..



Panukulan Municipal Mayor Alfred Rigor S. Mitra and DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo prepares to cut the ribbon during the formal turn-over of the sea ambulance for the municipality of Panukulan located in the Polillo group of islands in Quezon province held at Barangay Libjo Beach in Infanta, Quezon. The sea ambulance will cater to the island communities and will transport and convey patients to and from the mainland municipality of Infanta and back. **BOY NAMORA**

## DOH LAUNCHES FIRST SEA AMBULANCE IN CALABARZON

The first sea ambulance purchased by the department to cater for patients in far-flung island communities and geographically isolated and disadvantage areas (GIDA) will be deployed and donated to the rural health unit of the municipality of Panukulan in Quezon and will serve the Polillo Group of islands which lies on the southeast part of the province.

According to DOH - CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo, the purchase of the sea ambulance was made possible through a sub-allotment fund from the central office worth Php21,000,000 through the Health Facilities Enhancement Program (HFEP) which aims to provide medical transport in order for patients living in island communities to have access to quality health care services.

"We still have to furnish the needed medical equipment and emergency kits that will be placed inside the sea ambulance and we will endeavor to acquire them immediately in order to complete its emergency care services," he stated during his message. "Isang parte lamang ito

sa implementasyon ng ating universal health care system at hindi lang ito para sa mga pasyeteng nangangailangan ng agarang pagpapagamot sa ospital. Magbibigay din ito ng preventive health care services at kailangan nating lagyan ito ng mobility o referral system mula sa lugar ng pinagyarihan ng insidente hanggang sa makarating ang pasyente sa pinakamalaipit na RHU o ospital at pabalik sa kanyang bahay at napakaimportante po nito, ang mobility through sea ambulance at isa ito sa palalakasin natin through primary care service."

Director Janairo added that patients from the island communities that will be transported by the sea ambulance will be directed to the Claro M. Recto Memorial Hospital (CMRMDH), a 25-bed capacity health facility located in Infanta town.

"Lahat ng RHU ng Polilio Island ng Quezon as ikakabit natin sa mainland hospital at uunahin natin ang RHU ng Panukulan at kung may mga pasyenteng nangangailangan ng mas mataas na antas ng paggamot, gagamitin natin ang telemedicine upang maka-access tayo sa mga espesyalista na nasa Maynila,"





## CLAUDINE BARRETO, FEELING SAFE AT MAS HAPPY SA SHOWBIZ



### LAGPAS three years din na hindi pumaindayog sa industriya si Claudine Barreto.

Kung inyong matatandaan, ang last movie ni Claudine ay ang "Etiquette for Mistresses" noon pang 2015.

Tagal na hindi ba, but glad to know na sabi ng aktres ay muli siyang haharap sa kamera.

In fact, medyo nakakaramdam ng pananabik si Claudine sa kanyang muling pagbabalik.

Feeling safe 'ika nga ng aktres kapag siya ay nasa showbiz at mas higit ang kanyang kasiyahang nararamdaman.

Isa sa kinasasabikan ni Claudine ay ang kanilang pagtatambal muli para sa new movie with Piolo Pascual.

Well, kahit matagal ding nawala sa limelight ay super updated pa rin siyempre ang aktres sa daigdig ng showbiz.

Natural ay tuloy ang komunikasyon ni Claudine sa kanyang friends from industry.

Welcome back Claudine! @@@

**KC, NAKAHANDA NA?** Kaloka this, ang TV host/actress na si Maria Kristina Cassandra "KC" Concepcion ay nakahanda na.

Ready for what? Batay sa pahayag ni KC ay handa na raw siya for dating.

Meaning ay hiwalay na nga kaya si KC sa kanyang dyowang French businessman na si Pierre Lassart?

Nakahanda na raw si KC makipag-date pero iyon lang ang kanyang sinabi at no more details pa.

Ang anak ni Megastra Sharon Cuneta ang unang Pinay face na napili sa launching ng isang Japanese makeup brand kamakailan.

Ang 34-anyos na si KC ay naging girlfriend din ni dating Azkals team captain Aly Borromeo.

@@@

### HBD IN HEAVEN TITO LITO

Nitong nakalipas na Setyembre 10 ay 78th birthday ng veteran actor na si Lito Legaspi.

Pero hindi naabutan ang

## "TANIM SA TIYAN" NOBELA NI ATE JOSIE

(16)

"SUMAMA-sama ka rito kaya dapat ay makasanayan moa ng buhay sa probinsiya."

Sadyang hirap si Allan sa pag-inom ng kapeng nanggaling sa bigas.

Kaya naman panay ang pangangantiyaw sa kanya ni Alex habang humihigop ng mainit na kape.

"Sige na pare, higop na at magugustuhan mo rin ang kapeng bigas."

Palibhasa ay sinisikmura gawa ng nasobrahan ng pag-inom ng tuba kagabi kaya nakayanan din ni Allan na higupin ang kapeng iyon.

"Punta tayo dagat 'mamyang pagtapos kumain para makaligo at makalangoy."

Ganoon nga ang nangyari at nang makakain ay nagpunta sila ng dagat.

Pero hindi lamang ang magkaibigan ang naligo sa dagat kundi may mga kasama rin sila.

Mga lalaki at babae na halos kasing gulang nila na ipinakilala sa kanila ng tiyahin ni Alex.

Magigiliw at mababait naman kaya madali silang nakasundo nina Alex at Allan.

Magtatanghali nang magpasyang magkauwian na para naman makakain.

"Dadaanan naming kayong dalawa 'mamyang hapon, siguro mga alastres."

Bago magkahiwa-hiwalay ay napagkasunduan na magkikita muli ng hapon.

"Ewan ko kung bakit, basta sabi nila 'mamyang hapon daw eh. Sana

tinanong mo kung anong gagawin."

Habang naglalakad pauwi ay inuusisa ni Allan si Alex kung bakit magkikitang muli.

"Ayos ah, may mga palaka sa pagbabanlawan natin."

Pagdating ng bahay ay dirteso sa balon ang magkaibigan para makaligo at makabanlaw.

Natatawa si Allan sa ilang nakikitang palaka na lumalanguy-langoy sa balon.

Hindi naman iyon na tinatawag na palakang-bato na sabi sa kanya ni Alex ay kinakain nga raw ang mga palakang iyon.

Simpleng ulam subalit malasa at masarap palibhasa ay mga sariwa ang mga pagkain doon.

Pagkatapos ay mainit pa ang kanin na masarap din kahit konti lamang ang ulam.

"Heto na kami, 'tara na." Nang makakain ang dalawa ay marami-rami silang napagkuwentuhan habang nagpapahinga.

Sa dami ng mga napagkuwentuhan ay hindi nila namalayan ang oras at hapon na pala.

Malapit ng mag-alas tres ng hapon at dumating na ang kanilang mga bagong kakilala.

"Basta sumama na lang kayo at 'wag ng magtanong pa."

Makulit si Allan at tinatanong kung saan ba sila pupunta kaya hinatak na lamang siya ni Alex.

(Itutuloy)

ika-78 kaarawan dahil last September 8 binawian ng buhay si Tito Lito at the age of 77.

Around 10:00 in the morning ng September 8 nang tuluyang mamaalam si Tito Lito sa ospital due to cardiac arrest.

Bumuhos ang pakikiramay sa veteran actor sa pagkakahimlay sa Loyola Memorial Funeral Homes sa Marikina City.

Ang ating pakikiramay sa mga naulilang anak na

sina Brando, Zoren, Kier, at Jupiter.

Condolence din sa estranged wife ni Tito Lito na si Hershey Legaspi.

Alam ba ninyong 1959 nagsimula sa showbiz at kabilang si Tito Lito sa mga matinee idol na contract star ng Sampaguita Pictures.

Nakasama niya sa pelikulang "Ipinagbili Kami Ng Aming Tatay" noong 1959 ang namayapa na ring si Comedy King Dolphy.

## IISA... SA PANULAT NI KUYA ARMAN IKAW AT AKO

(Ika-26 labas)

**IBA** ang pumapasok sa isip ni Bernie sa pagsabing hindi niya na kakayanin na matulog pa sa mga darating na gabi na hindi katabi si Cecile. Lukso naman kaagad ang puso ni Cecile sa narinig na iyon at hindi alam ay binibilog lamang ni Bernie ang kanyang ulo.

"Bahala na, tingnan natin kung ano ang maganda basta 'pag dumating na si Cora."

Mas nakakalamang sa isip ni Bernie na medyo mahihirapang magpasya si Cecile tungkol sa usaping iyon.

Alam ni Bernie na kahit paano ay mahihiya at mailang si Cecile kay Cora.

Sa isang sulok ng isipan ni Bernie ay nais niyang malaman na rin ni Cora ang tungkol sa relasyon nila ni Cecile.

"Si Cecile ang may-ari ng bahay na ito, si Cecile ang may mga negosyo."

Bumubulung-bulong si Bernie na ang ibig niyang mangyari ay kailangang talagang mahantad na ang kanilang relasyon ni Cecile.

"Bakit biglang nanahimik ka d'yan at walang kibo, ano iniisip mo."

Napansin ni Cecile ang pananahimik ni Bernie dahil nga sa kung anong mga lumalaro sa isipan. Kunwari na lamang kaya nanahimik si Bernie ay dahil nalulungkot.

"Sabi ko naman sa 'yo pag-iisipan ko pang mabuti kung ipapaalam na ba natin kay Cora ang relasyong ito."

Konting hilot at drama na lamang ay nakaksiguro na si Bernie na susundin din siya ni Cecile.


Mahirap nga naman na kapag tago ang relasyon ay hindi siya makakaporma.

Hindi magagawa ni Bernie ang mga gustong gagawin o plano niya kaya dapat ay hantad ang relasyong iyon.

Iyon bang ang diskarte ni Bernie na dahil may relasyon sila ni Cecile ay bossing o amo na rin ang kanyang lagay.

"Tama na 'yang pag-iisip, tulog na lang tayo pero bago tayo sleep ay isang round pa muna tayo."

(Sundan)




# WORD SEARCH


# CROSSWORD PUZZLE GAMES






- ARMOR
- BATTLE
- CASTLE
- CREST
- DRAGON
- FIGHT
- FLAG
- HELMET
- HERALDRY
- HONOR
- KING
- MAIL



- BASKET
- BLEACH
- CLOTHES
- CYCLE
- DARKS
- DIAL
- DRYER
- FLUFF
- FOLD
- IRON
- MEASURE
- RINSE



Sagot sa nakaraan:



**PAHALANG**


- 1 Nakasulat sa lapida
- 6 Kulang sa luwag
- 11 Maraming ginagawa
- 12 Sinaunang tawag sa katulong
- 13 Walang balat
- 14 Talas
- 15 Kampon
- 17 Takipsilim
- 18 Kaye Abad
- 19 Pumuga
- 21 Usyoso
- 22 Taga-igib ng tubig
- 25 Ingay ng agila
- 27 May isahan at pandalawahan
- 28 Masigla
- 31 Larong kompyuter
- 33 Nagdadala ng dengue
- 34 Pigtas
- 35 Unang buwan
- 36 Kabiyaq
- 37 Bihasa

**PABABA**

- 1 Letra sa katawan ng baka
- 2 Gamiting bala
- 3 Gumabay sa tatlong hari
- 4 Maliit na dagat
- 5 Ate o Kuya
- 6 Kit
- 7 Iwasan
- 8 Usong puting kuwintas
- 9 Malangis na halaman
- 10 Lasa ng asukal
- 16 Pisa
- 20 Singer na Vina
- 21 Sumusikat ang araw
- 22 Hinuha
- 23 Pagkain ni baby
- 24 Bukang-liwayway
- 25 Pangalan ng babaing kaakit-akit
- 26 Palayaw panlalaki
- 29 Tawag sa matandang babae
- 30 Hulihan ng dasal
- 32 Unang bilang



Sagot sa nakaraan:





**PAHALANG**



- 1 Binago ang ayos ng bahay
- 6 Palayaw ni Bonito
- 10 Isdang kulay pink
- 11 Tinapay na pampasalubong
- 12 Unat
- 13 Handa ni Kapitan Tiago
- 16 Sipat
- 18 Taling
- 19 Hiyas
- 21 Sigaw ng rapper
- 22 Tonton Gutierrez
- 23 Tawag sa kapatid
- 24 Ms Derek
- 25 Simbolo ng Arsenic
- 26 Mr. Agbayani
- 28 Kapital ng Afghanistan
- 30 Bulkan sa Albay
- 33 Panaligan
- 35 Pinid
- 36 Taksil
- 37 Niig
- 39 Dabog
- 40 Pasyalan kapag gabi

**PABABA**

- 1 Bumaba sa sasakyan
- 2 Palayaw ng dalagita
- 3 Iharang ang mga braso
- 4 Hinihimay sa mais
- 5 Al Gore
- 6 Ekstrang biyaya
- 7 Bayan sa Iloilo
- 8 Nawalay
- 9 Ihataw
- 11 Sobra sa oras
- 15 Tinuklas
- 17 Palista
- 20 Panawag-pansin
- 22 Ilalim ng sasakyan
- 24 Grasya
- 25 Sapantaha
- 26 Tumutubo sa anit
- 27 Ukol sa ilong
- 29 Putol
- 31 Bigay ng relo
- 32 Sana
- 34 National University
- 38 Lover's Paradise



Sagot sa nakaraan:



## Lady Falcons Wagi sa Lady Red Warrior's

INIANGAT ni Mar Prado ng Pamantasan Adamson sa antas ng panalo, ng pangunahan nito sa kanyang koponan sa puntos na 82-57 panalo sa University of the East, sa University of Santo Tomas Quadracentennial Pavilion.

Natapos ang third-year standout na may 39 puntos upang sumama sa walong rebound. At siya ay pivotal sa ikalawang kalahati ng paggulong ni Adamson. Sa pamamagitan lamang ng tatlong pagpasok sa ikalawang kalahati, si Prado ay hindi mapigilan sa depensa, na na tangan ang koponang Lady Falcons sa patuloy na pag usad ng iskor na umabot sa 22 puntos, 73-51, na may tatlong minuto ang natitira sa laro.

Na ikinagalak naman ni head coach Adamson Ewon Arayi kung paano ito pinihit ng Lady Falcons matapos ang kanilang pagkawala ng lopsided laban sa National University noong Sabado. "Tulad ng lagi kong sinasabi na ang pagpanalo ay hindi lahat sa akin. Ano ang mahalaga sa akin bilang isang coach, at kahit na bilang isang manlalaro dati, ay kung paano mo nilalaro ang laro," aniya.

Sinimulan ng Lady Red Warriors ang laro sa isang mabuting galaw ng unit hindi tumugma ang takbo na pinalakas ang pangunahing gunner na si Tin Cortizano.

Si Kat Araja ay ang iba pang player ng Adamson sa dobleng numero na may 10 puntos upang sumama sa anim na assist. Si Lhyn Bilbao ay nagbagsak din ng 13 board.

Natapos si Cortizano na

may 11 puntos at walong rebound habang sina Nins Cuadero at Jearzy Ganade ay naka-tag sa 10 marker bawat isa para sa UE, na bumagsak sa 0-2

## Pangarap ni Senator Pia Cayetano Akademyang Sports sa Philippine High School

Nakita ni Pia ang pagtaas ng Philippine High School sa larangan ng Sports sa New Clark City. Nakikita ngayon ni Senador Pia S. Cayetano ang kanyang long-time view para sa bansa na magkaroon ng sariling akademikong sports academy na lumapit sa katotohanan sa malapit na pagkumpleto ng New Clark City (NCC) sports complex sa Capas, Tarlac.

"Ang pangarap ko dati pa ay para sa ating mga atleta na mapasok, hindi lamang isang dorm, kundi isang lugar na matitirahan ng pamilya kung saan maaaring mag-aalaga sa kanila. At sa loob ng mga lugar na ito ay ang mga pasilidad para sa sports na kailangan nilang sanayin, ibinahagi ni Cayetano, isang dating miyembro ng pambansang koponan ng volleyball at punong may-akda ng Senate Bill No. 506 na naglalayong maitatag ang PHSS. "Ngayon ay mayroon kaming oportunidad - sa paraan na pinalano ang Sports Complex - para maging makatotohanan ito," dagdag niya.

Ang NCC ay isang proyekto ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA), na bumubuo ng bahagi ng programa ng infrastructure, Build, Build, ng administrasyong Duterter. Ang Phase IA ng proyekto ng NCC ay nagsasangkot ng isang 40-ektaryang Sports Complex na magsisilbing pangunahing hub ng ika-30 na Timog Silangang Asya, na magiging host ng bansa ngayong taon.

Ang kumplikadong binubuo ng mga pasilidad na pang-klase na pang-mundo, kabilang ang isang Athletics Stadium, isang Aquatics Center, pati na rin ang isang Athletes 'Village.

## COLLEGIATE LEAGUE SEASON 11 SISIMULAN SA MOA

Tunay na makasaysayan para sa Management Committee (ManCom) ng Inter-Scholastic Athletic Association (ISAA) ang pagbubukas ng pinakabagong season ng pinakamalaking collegiate league sa bansa -- sa labas ng premyadong UAAP at NCAA - sa Setyembre 19 sa MOA Arena sa Pasay City.

"Elevate. This year's team is about the league's continuing effort to uplift the spirits and instil discipline among our students. Through the years, the league is helping our athletes in their quest for sports excellence and academic success," pahayag ni ISAA president Ruel Dela Rosa ng Manila Tytana Colleges sa kanyang pagbisita sa 'Usapang Sports' ng Tabloids Organization in Philippine Sports (TOPS) sa National Press Club sa Intramuros, Manila.

Kasama ni Dela Rosa na nagbigay ng kanilang mensahe at magiging kaganapan sa opening ceremony sa Huwebes (Setyembre 19) sina ManCom member Andres Cristobal (Vice President), Melanie Florentino ng PATTS (Treasurer), Benjamin Hernandez, Jr. at Jose Lorenzo Durian (PRO).

"Kung mayroon kang isang pasilidad kung saan [nangangako] ang mga mag-aaral-atleta ay maaaring maging mag-aaral at atleta nang sabay, iyon ang solusyon upang manalo para sa pagbuo ng kanilang kinabukasan para sa mga bata.

Maaari silang magtagumpay sa kanilang mga bapor, na isport, ngunit hindi pa nila mapapabayaan ang edukasyon nila," paliwanag niya. Sa kabilang banda, binigyang diin ng senador na hihigit pa sa pamumuhunan sa imprastruktura upang lubos na maisulong ang pag-unlad ng sports sa mga batang Pilipino.


"Marami pong aktibidad sa opening ceremony. Basketball action starts in the morning before the opening ceremony at noon. Ms. ISAA 2019 will also be crowned," pahayag ni Florentino.

Iginiit naman ni Cristobal na homegrown athletes lamang pinayagang palaruin sa ISAA hindi lamang sa basketball bagkus sa lahat ng events na lalaruin ngayong taon kabilang na ang volleyball, swimming, table tennis, badminton, chess, bowling at futsal.

"We're focusing on homegrown talents. Foreign players might add excitement particularly in basketball, but we opted not to tap them to give local athletes an opportunity to excel and become successful in life after college years," pahayag ni Cristobal. Taliwas sa tradisyunal na opening ceremony, walang inimitahan ang ISAA ng mataas na opisyal sa pamahalaan, pulitiko at celebrities upang masiguro na nakatuon ang pansin ng lahat sa kagitingan at tagumpay ng mga atleta.

"We decided not to invite big names in the opening ceremony. But right now, as a show of respect, I personally invite Grandmaster Eugene Torre to grace our opening ceremony. It's a big honor Sir," pahayag ni Dela Rosa, patungkol kay Asia's First chess Grandmaster na kasabay nilang naging panauhin sa lingguhang sports forum na itinataguyod ng Philippine Sports Commission (PSC), Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR), Community Basketball Association (CBA), at HG Guyabano Tea Leaf Drink.

Bago ang opening ceremony, magtutuos sa unang laro ganap na 8:00 ng umaga ang La Consolacion College-Manila at Immaculada Concepcion College of North Caloocan.



**UAAP - NAPALPAL** ni Adamson forward Simon Camacho ang pag lipad na basket ng katunggaling si Nick Abanto ng UE sa kasagsagan ng kanilang laro sa 2019 UAAP Season 82 men's basketball sa Araneta Coliseum. Panalo ang Falcon sa Red Warriors ( PRINCE SABBALUCA )



**PSA - IPINALILIWANAG** ni Judith Staples ng Luminox ang kakaibang laro ng Obstacle Course Racing maging ang pinaghahandaan para sa 30th SEA Games sa bansa kung saan ay kalahok ang dalawang athletes na sina Glorien Merisco para sa 5K, at Deanne Moncada ng 400m team Assistant. makaraang bisita sila sa lingguhang PSA Forum sa Amelie Hotel. (RGN)



**NCAA - NAGAWANG** ma block ni Lyceum center Mike Nzeusseu ang panakaw na basket ng katunggaling si Jade Talampas sa mahigpit na tagisan nila sa 2019 Season 95 NCAA Seniors Basketball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. Photo by : PRINCE SABBALUCA



**TOPS - SI Ruel Dela Rosa** President (ISAA) Inter Scholastic Athletic Association sa kanyang mga paliwanag patungkol sa magaganap na pag bubukas ng Tournament na gaganapin sa Mall of Asia Arena sa darating September 19, 2019 kasama sa larawan na dumalo sa lingguhang TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila si Melanie Tolentino ISAA Treasurer. (RGN)

# AGUINALDO HI-WAY, DAANG-HARI ROAD FLYOVER MALAPIT NG BUKSAN SA MOTORISTA



**IMUS City – Nararamdaman na paggaang ng dati ay mabigat na trapiko sa kanto ng Aguinaldo Hi-Way at Daang-Hari sa pagbubukas nitong nakaraang linggo ng Highway Flover sa Barangay Anabu.** Bago binuksan sa motorista, binisita ito ni Imus City Congressman Alex 'AA' Advincula upang tiyakin na maayos ang pagkagawa ng

flyover, kasama ang mga opisyal ng pamahalaang lungsod at ng Department of Public Works and Highways. Ininspeksiyon din ni Mayor Emmanuel L. Maliksi ang proyekto na nagkakahalaga ng P264 milyon na nag-uugnay sa Aguinaldo Hi-Way at Daang Hari Road na laging mabigat sa trapiko. Ang flyover ay inaasahang magpapaluwag sa trapiko at sa kalapit na Anabu Road patungong Cavite-Laguna Expressway (CALAX). Nang bisitahin din ni City Engineer Christian Melvin S. Sarno ang flyover ipinaayos niya ang nakitang ilang bahagi nito upang lalong patibayin. Noon pa sanang unang buwan ng 2019 ay nabuksan na sa publiko ang tulay pero ito ay nabalam nang bumagsak ang limang 'girder' nang tamaan ang flyover beam noong Mayo 19, ng nakaraang taon. Sinimulan ang mabilis na pagkumpleto sa proyekto noong 2016, bunga ng pagsisikap ni Cong. Advincula na gawing isa sa prioridad ng DPWH ang flyover. Sabi ni Advincula, nagbunga ang madalas na pakikipag-ugnayan niya kay Sec.

Mark Villar na inutusan ang mga inhinyero at mga opisyal ng ahensiya na tapusin ang flyover upang mapagaan ang takbo ng mga sasakyan sa kanto ng Aguinaldo Hiway at Daang Hari Road. "Maraming salamat sa DPWH at kay Sec. Villar at mabilis nilang kinumpleto ang flyover. Ang proyektong ito ay handog natin sa mamamayang Imuseno at sa lahat ng motorista upang mapagaan at ligtas ang kanilang pagbibiyaha. Kami sa city government, kasama si Mayor Maliksi ay umaasa na mababawasan

ang problema sa mabigat na trapiko sa lugar na ito. Ito pong proyekto na ito ay para sa lahat ng mamamayang Cavitenon," sabi ni Rep. Advincula. Mahalaga ang naging kontribusyon ng pamahalaang lungsod at ni Mayor Maliksi at ang mga inhinyero para makumpleto ang flyover. Nagkaroon ng dry run nang nakaraang linggo at sa loob ng isa o dalawang linggo, matapos makumpuni at mapatibay ang ibabang bahagi ng flyover, ito ay magagamit na ng mga motorista. (Eli Taparan-Guest Writer)



**BINISITA** ni Imus City Rep. Alex Advincula ang Aguinaldo Hi-way at Daang Hari Road flyover upang tiyakin kung maayos at ligtas na itong madaanan ng mga motorista. Ang proyektong ito, ayon sa kongresista, ay isa sa priority project niya sa lungsod upang mapagaang ang masikip na takbo ng trapiko sa liugar. (Larawan kortesiya ni Arnold Bandala)

## Judge Azura: 'Di na dapat hintayin pa ang petsa ng expiration

**NAGPAUNLAK** ng kanyang panahon o oras si Executive Judge Mary Charlene Hernandez-Azura, ng Imus City Regional Trial Court (RTC) Branch 22, sa hiniling na courtesy call ng pamunuan ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI) kamakailan. Ang naturang kortesiya, na pinangunahan ni CPPLI President Romeo Santos, ay naglayong iharap ang bagong liderato ng samahan para sa taon 2019-2021 sa kagalang-galang na hukom. Ito ay upang ipabatid din kay Judge Azura na ang CPPLI ay nakahandang tumalima sa ano mang alintuntunin ng nasabing hukuman na may kaugnayan sa weekly raffle para sa judicial at legal notices. Hiniling lamang ng CPPLI na kung magkakaroon ng usapin at kakailanganin ang concern

o kapasyahan ng bawat isang publisher ay hindi sana idaan sa sistemang botohan. Ang nasabing kahilingan ay sinang-ayunan naman at ang pagpapasya ay manggagaling mismo sa Huwes. Kabilang sa natalakay sa courtesy call ay ang tungkol sa mga akreditasyong naabutan ng pagkakapalaso. Ipinabatid ni Judge Azura na mas mainam na hindi na dapat pang hintayin ang expiration ng akreditasyon ng bawat publisher. Gayunman, nilinaw ng nasabing judge na kung nakapaghain ng re-accreditation bago ang petsa ng expiration subalit hindi pa nadidinig o wala pang kautusan o order mula sa hukuman ay kwalipikado pa rin itong lumahok sa weekly raffle. "Huwag lamang expired na

pero nagpapaluso at sumasali pa rin sa raffle, isang malinaw na kaso iyan," batay sa paliwanag ni Judge Azura. Samantala, nabanggit din ni Judge Azura ang iba pang

hakbang na maaari nitong isakatuparan para sa ikabubuti at ikakaayos ng lahat ng mga akreditong publisher sa Imus City RTC. **RS**



Nanumpa ang samahanan ng CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC. Kay NPC PRESIDENT ROLANDO LAKAY GONZALO sa pangunguna ni PRESIDENT ROMEO SANTOS. ANG CPPLI AY BINUBUO NINA VP WHELMA APOLLO, SEC. REBECCA VELASQUEZ, ASST. SEC. FRANCIA ORLAIN, TRESURER RAYNOLIE PONES, AUDITOR RUDY EVANGELISTA AT EXECUTIVE DIRECTOR ELI TAPARAN. **CHRISTIAN HERAMIS**



**PAGKATAPOS NG PANUNUMPA AY NAGPAKUHA NG LARAWAN ANG CPPLI KASAMA ANG MGA OPISYAL NG NATIONAL PRESS CLUB. CHRISTIAN HERAMIS**



Ang pamunuan ng Cavite Province Publisher League Inc. (CPPLI) sa isang makabuluhang kortesiya kay Executive Judge Mary Charlene Hernandez-Azura, ng Imus City Regional Trial Court (RTC) Branch 22, nitong Setyembre 11 sa kanyang tanggapan. **JB**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

# KALIBRE

**ROMY SANTOS**  
0977-7844136

## Panunumpa ng katapatan sa antas ng pamamahayag ng CPPLI sa NPC

**NAGPAPASALAMAT** ako sa pamunuan ng National Press Club sa pagkakatanggap sa Cavite Province Publishers League. Pinangunahan mismo ni NPC President Rolando 'Lakay' Gonzalo ang oath taking ng CPPLI para sa pagpapatupad ng katapatan sa antas ng pamamahayag. Ang kasalukuyang CPPLI ay mas magiging aktibo po sa larangan ng pamamahayag kaya ipinasya at minabuti nito na kabahagi ng NPC bilang kapaatid sa hanapbuhay. Salamat po Pangulong Lakay at sa lahat ng opisyal ng NPC. Mabuhay ang NPC! Pero siyempre nakatutok din ang CPPLI sa mga korte ng Cavite para sa patas at tama hinggil sa weekly raffle ng mga judicial at legal notices. 'Ika nga ay walang lamangan' bagkus tayo bilang publisher at akredito sa ano mang korte ay doon po tayo sa wasto. Bago ako sa larangan ng pagiging isang publisher subalit bilang matagal na mamamahayag ay madali para sa akin ang 'mahinog' upang hindi basta magpapatangay sa maling anod o agos. Natatandaan ko pa ang sabi ng isa sa mga iginagalang kong editor noon, ang perang galing sa 'hamog' ay mading maanod. Sa aking mga kasama sa CPPLI, hinihiling ko na gawin natin ang binabanggit sa ating panunumpa kay NPC President Lakay na itaas ang dignidad bilang Filipino journalist at panatilihin ang etika ng propesyon. Pahalagahan natin ang ating pagiging isang mamamahayag, gawin itong makabuluhan. Iyon lang po.



GINANAP nitong Setyembre 13 ang 'Forum MEET THE PRESS, Report to the Nation' at naging panauhin ni NPC President Rolando Rolly Gonzalo si TUCP Spokeperson Alan Tanjusay. Kabilang sa natalakay ang panawagan ng TUCP hinggil sa kaukulang superbisyon sa mga foreign workers sa FOGO na naka-base sa Pilipinas. **CHRISTIAN HERAMIS**